146

Deped-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
Date: 6/17/14 Time: 1:00 PM
By: [illegible]

Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY
Cor.Don Carlos and Guingona Sts..., Malaybalay City

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 163 s. 2014

BUWAN NG WIKA 2014

Sa mga : Tagamasid Pansangay /Koordeneytor
Tagamasid Pampook
Punong guro /Ulongguro ng mga PaaralangPampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya
Sangay ng Malaybalay

1.Mabuhay ang Wikang Filipino! Kalakip nito ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 63, s. 2014 hinggil sa taunang pagdiriwang sa Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, na may tema na "Wika ng Pagkakaisa".

2.Nakasaad sa nabanggit na Memorandum Pangkagawaran Blg. 63 s, 2014 ang layunin at ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang.

3.Ang lahat ng mga paaralan ay binibigyan ng kalayaan sa pagplano ng palatuntunan sa pagdiriwang ayon sa mga paksa na binanggit at **mag susumite ng ulat narativ** sa mga gawaing naganap sa pagdiriwang sa opisina ng Tagapamanihala ng Paaralan attensyon: Maria Concepcion S. Reyes, EPS Filipino bago ang Setyembre 8, 2014.

4. Malugod na hinihikayat ng Tanggapang ito ang suporta at pakikilahok ng mga paaralan sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

5. Hinihiling ang maaga at malawak na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO L. OPLENARIA
Tagapamanihala ng Paaralan

Republic of the Philippines
Department of Education

09 JUN 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 63, s. 2014

BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2014

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31, 2014 alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Wika ng Pagkakaisa.*

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. magamit ang wika sa pamamagitan ng pagsasalin bilang instrumento sa wika ng kapayapaan;
   c. maipakita ang kahalagahan ng wika na higit na nauunawaan ng nakararami para sa pambansang pagkakaisa.

3. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

   - Ang Wika ng Usaping Pangkapayapaan ay Wika ng Pagkakasundo;
   - Ang Wikang Nauunawaan ng Nakararami ay Wika ng Kapayapaan;
   - Ang Wika ng Pagsasalin ay Wika ng Pagkakaunawaan; at
   - Ang Wika ng Kapayapaan ay Wika ng Pambansang Pagkakaisa.

4. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang magiging gabay at batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa loob ng isang buwang pagdiriwang. Hindi ito nakaayos ayon sa pagkakasunod-sunod upang magkaroon ng kalayaan ang lahat sa pagpaplano ng palatuntunan.

5. Para sa ibang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa:

   Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
   Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN)
   2/F Watson Bldg., 1610 J.P. Laurel Street, San Miguel, Manila
   Telepono Blg.: (02) 736-2519

6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
Learning Area, FILIPINO
SCHOOLS

Sally: Buwan ng Wika
0380-Mayo 21, 2014/6-5